# KULTURANG MATERYAL NA PANGASINAN: ISANG DOKUMENTARYO

**Dr. Ma. Theresa E. Macaltao**
*Pangasinan State University*
*macaltaomatheresa@gmail.com*

***Abstract***

Each ethnic group's material culture requires preservation, as it plays a vital role in ensuring that future generations are aware of their cultural heritage. This qualitative descriptive documentary study aimed to identify and document the material cultures of Pangasinan. Additionally, it sought to develop narratives and capture the experiences of the Pangasinensi in relation to their cultural artifacts, reinforcing their rich cultural traditions. Through interviews and documentation with local residents of Pangasinan, it was observed that the indigenous Pangasinensi continue to possess cultural artifacts, including tools, clothing, and food items, which reflect their values, activities, habits, beliefs, traditions, and historical background. These stories and artifacts demonstrate that the cultural identity of the Pangasinensi remains an integral part of society, even amidst rapid social change.

*Keywords: Culture, Material Culture, Society, Preservation*

## INTRODUCTION

Mula nakaraang dekada may mga bagay bagay na nakikita at nahahawakan na madalas nawawala o hindi na nagagamit ng mga taong kabilang sa isang lipunan at kultura. Sa karanasang ito masasabing nakapag-aalala ito kung hindi madodokumento lalo sa panahong ito maunlad ang teknolohiya. Sa pag-unlad nito sumasabay ang pagbabago ng paggamit ng wika kaya naman nakakalungkot na isipin na unti-unting nawawala ang mahahalagang bagay na naibigay ng kasaysayan tulad ng mga bagay na kapupulutan ng aral sa buhay at maghahatid ng karanasang magpapakita ng mahahalagang tradisyon at kultura.

Sinabi nga na ang kultura ay ang kabuuang konseptong sangkap sa pamumuhay ng mga tao, batayan ng kilos at gawi at ang kabuuang gawain ng tao. Ito ang kalinangan tumutukoy sa araw-araw na pangkabuhayan ng isang grupo (Panopio, 2007).

Ibig lamang sabihin, ang kultura ay kaparaanan ng mga tao kung paano naipapakita ang pamumuhay mula sa pagpapahayg ng isang kuro o opinyon

masusuri ang kanilang pamamaraan at paggamit ng salita, pagsasatitik sa aklat, relihiyon, musika, pananamit, pagluluto, maging sa kanilang mga galaw.

Nag- iiba lamang ang paglalarawan ng bawat lipunan batay na rin sa kultura nito. Sapagkat ang kultura ay mga paniniwala (beliefs), pagpapahalaga (values), norms at simbolo. Ang paniniwala ay tumutukoy sa mga kahulugan at paliwanag tungkol sa pinaniniwalaan at tinatanggap na totoo. Ito ay mga kaisipang nabubuo mula sa mga karanasan ng isang tao at nagiging gabay at salik tungo sa pag- unawa ng higit sa mga pangyayari at kalagayan ng lipunan, sarili at maging mga di- nakikita.

Ang pagpapahalaga naman ay mula sa mga ugaliing nabubuo na hindi maaaring maihiwalay sa paniniwala ng isang lipunan. Maituturing itong batayan ng isang grupo o ng lipunan sa kabuuan kung ano ang katanggap-tanggap at kung ano ang hindi. Kumbaga ito batayan kung ano ang tama at mali, maganda at hindi o kung ano ang nararapat at hindi nararapat.

Ang kultura rin ay kakikitaan ng mga kuwento at karanasan sa mga kagamitang ipinamana ng ating mga ninuno at gayundin sa mga kaugalian, kagawian, mga panitikan at maraming iba pa. Ito ay tinatawag na kulturang materyal at di- materyal. Ang dalawang uring ito ay masasabing magkaiba dahil materyal na kultura ang mga bagay na makikita sa palicid. Ito ay mga bagay na nilikha at nahahawakan. Ang mga gusali o arkitektura, mga likhang sining, mga kasuotan, kagamitan, at iba pa ay mga materyal na kultura. Gayundin ang pagkain ay maituturing din na isang materyal na kultura sapagkat ito ay masasabing nagpapakita kung anong paniniwala at nagpapakilala sa kultura ng isang pangkat o grupo ng mga tao. Samantala ang di-materyal na kultura naman ay ang mga bagay na hindi nahahawakan at hindi nakikita ngunit maaring maramdaman o maobserbahan sa paligid. Kabilang dito ang mga ideya, paniniwala, batas, mga kaugalian, at norms ng isang lupon ng mga tao. Ang paniniwala ng isang tribo sa mga anito o sinasabing diyos-diyosan ay maituturing na isang halimbawa ng kulturang di-materyal.

Sa kasaysayan at sa lipunang ginagalawan ng isang tao, napakahalaga ng kultura, lalo na ng mga kulturang materyal. Dahil dito ay nagkakaroon ng pagkakakilanlan ang isang pangkat ng mga tao at napagbubuklod nito ang isang lugar at nagbubunga ito ng pagkakaisa. Sa pamamagitan din ng materyal na kultura ay naipapakita ng mga tao ang kanilang mga talento at binubuo nito ang ating pagkatao.

Nagkakaroon ng kaalaman sa ating kasaysayan at nakaraan, ngunit nakahihigit sa lahat ay ang paglinang ng pagpapahalaga sa lahat ng bagay materyal man o di-materyal.

Kaya naman bilang isang pangkat etniko ang Pangsinan dito sa ating bansa iba-iba ang karanasan at kuwento ang may kinalaman sa kulturang materyal. Kaya naman ninanais ng pag-aaral na ito na alamin ang pagbabagong nagaganap sa mga nagawian noon lalo na usaping pagkain, kagamitan at kasuotan.

Binanggit ni Claro (2018), na may intrinsic at extrinsic na salik ang nakaiimpluwensiya sa pagbabago ng kultura. Ang mga salik na intrinsic ay ang vulnerability ng pangkat etnikong namumuhay sa lugar, ang kanilang pagtanggap at di- pagtanggap (hard and soft-shelled community) sa mga pagbabago ng lipunan, edukasyon at relihiyon o paniniwala. Ang extrinsic naman ay ang mga salik tulad ng migrasyon o paglilipat-lipat ng mga tao mula sa isang lugar, pagbabagong pangkapaligiran, siyensiya at teknolohiya, pakikisalamuha at kalakalan at sosyo- ekonomiko.

Kapag ang mga salik ay naging bahagi ng lipunan, malaki ang pagbabagong maaaring mangyari sa isang komunidad lalo na sa kultura.

Tulad ng payak ng pamumuhay ng mga Pangasinensi ay masasabing may marikit at mayamang kultura subalit dahil pagbabago nanatili pa kaya ito? Nanganganib na ba Talaga? Dahil sa magkakahiwalay na pangkat unti unti na nakakalimutan tulad nalang ng unti-unting pagkawala ng mga salita. Ayon nga kay Cortez (2015) ang unti-unting pagkawala ng diyalekto ng mga etnikong pangkat ay maaaring kasama pagpapahalagang kultural at tradisyon.

Nakakabahala ang ganitong usapin kaya naman upang mapanatili o mapreserba ang mga kulturang materyal ng Pangasinense ninanais na alamin at suriin ang mga kultural materyal sa pamamagitan ng pagdodokumento upang mapanatili ang kultura at tradisyon ng Pangasinan para sa susunod na henerasyon.

Batay nga pag-aaral ni Rosela (2014) sa kanyang pananaliksik tungkol sa "Pagkalimot sa mga Tradisyong Pilipino" ang pagkalimot sa tradisyon ay dahil sa impluwensiya ng mga dayuhan kung ang mga materyal na kultura ay patuloy na hindi nagagamit ay tuluyang itong maglalaho. Kung kaya't ang Ang pagkakadodokumento na ito ay makakatulong na mapanatili ang kulturang materyal at makakatulong sa pagtuturo ng mga guro sa localization.

## OBJECTIVES OF THE STUDY

Sa pag-aaral na ito ay tutukuyin ang iba't ibang kulturang materyal ng Pangasinan. Ang sumusunod ang tiyak na nilayon sa pag-aaral:

1.Tukuyin ang mga kulturang materyal ng mga katutubong Pangasinensi;
2.Mailahad ang mga karanasan ng mga katutubo ukol sa paggamit ng mga Pangasinensi ng mga kuturang materyal; at
3.Makabuo ng isang dokumento para sa pagpreserba ng mga pagpapahalaga at kulturang kinagisnan ng mga Pangasinensi.

## METHODOLOGY

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong uri ng pananaliksik. Disenyong palarawan (descriptive) ang ginamit upang maipaliwanag, mailarawan ang nadokumentong kulturang materyal. Ginamitan ito ng panayam sa pagkalap ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa mga kulturang materyal ng mga Pangasinensi sa pamamagitan ng gabay na talatanungan.

Kaugnay nito ang dokumentaryo tulad pagkuha ng mga larawan at pagkuha ng mga mahahalagang impormasyon ay dumaan sa balidasyon. Ang mga tagatugon sa pag-aaral ay mga katutubong Pangasinensi na may kabuuang labinlimang taong naninirahan sa Pangasinan kaya't purposive sampling ang ginamit. Isinaalang-alang rin ang edad mula limampu (50) taong gulang pataas at nakapagsasalita at nakaiintindi ng dayalektong Pangasinan.

**Etikal na konsiderasyon:**

Ang mananaliksik ay umayon na pangalagaan at protektahan ang mabuting kapakanan ng mga tagasagot na mag-aaral. Walang anumang pang-aabusong naganap na gamitin ang sariling interes at ang awtoridad ng mga gurong pumatnubay sa mga mag-aaral na tagasagot upang gamitin sa ibang bagay ang pag-aaral na ito.

## RESULT AND DISCUSSION

Sa pakikipanayam, natukoy ng pag-aaral ang iba't ibang kulturang materyal ng Pangasinan na kabuuang 20 kagamitan, 10 kasuotan at walong kulturang materyal sa pagkain. Masasabing malaki itong bagay na maidodokumento upang hindi ito makakalimutan at maaaring magamit sa susunod na henerasyon.

.

### Kulturang materyal sa kagamitan ng Pangasinan

Ang mga kagamitang may kaugnayan sa kultura ng mga Pangasinensi karaniwang ginagamit sa paghahanda o pagluluto ng pagkain, paglilinis at pag- aayos ng mga

kasuotan, lalagyan o imbakan ng mga pagkain, pantakal o panukat. Kabilang sa mga **kulturang materyal sa kagamitan** ang *buyog (inuman na gawa sa clay at inilalagay sa banggira), kavan o kaban (baul), at biga- o (bilao).* **Sa mga kagamitang may kinalaman sa paghahanda ng pagkain** ay kabilang ang *panangina'y silin gawa'd kiyew (lalagyan ng sili), almires (bato o kahoy na pandikdik), buyog (burnay), lasong (malaking bayuhan), alo (pandikdik kasama ng bayuhan), silung (pang- ipit), talagdanan (tadtaran), pansukat na sira, pansukat sa niluto, platon de cubre (plato), kapitera at platsado / ansagan (platong malaki).* Ilan pang kagamitan sa loob ng bahay ang nabanggit tulad ng *aparador, perensa (plantsa) at liken.* Ang mga kagamitang nabanggit ay nagpapakita ng iba't ibang kuwento na nakakapagpaalala sa mga karanasan, gawain, ugalian o uri ng pamumuhay at gawi ng mga ito sa nakalipas na panahon. Ito ay magsisilbing dokumento ng mga naging karanasan ng mga taga Pangasinan na maaaring kapulutan ng mga aral sa buhay sa kasalukuyan Isinaad ng ani Gracia (2011) na ang pagpili at pagiging malikhain ay nakabatay lahat sa kanyang sistema ng pagpapahalaga. Kaya naman ang kagamitan na ito kailangan mailipat sa susunod na henerasyon upang hindi ito mawala sa isipan at puso ng mga taga Pangasinan.

**Kulturang materyal sa pagkain ng Pangasinan**

Maraming pagkain ang nabanggit ng mga tagatugon sa pag-aaral, bagamat ang ilang mga nabanggit na pagkain ay karaniwang na sa kasalukuyan at hindi tangi sa lugar tulad *pigarpigar, empanada, puto, pakbet, "sundot kulangot", tagapulot* at iba pa sapagkat ang mga ito ay hindi maituturing na *pagkaing* tangi sa kanila dahil ito ay nakikita na ib pang karatig bayan ng Pangasinan. Masasabing ang tanging maitatangi na kulturang materyal na pakain ng Pangasinanan ay tulad ng *pinindar na bangus (pindang na bangus), bagoong, nilatikan (bibingka), buro (o burong isda)at dinendeng.* Hindi naisama ang naipakilala ito sa bayan ng Dagupan na ang sinumulang dayuhin sa Malimgas, kilalang palengke ng Dagupan, hanggang ginaya na ito sa iba't ibang bayan ng Pangasinan". Ganito ring ideya ang nabanggit ng ilan pang mga tagatugon sa pagkain na empanada, tagapulot o pulitipot at *sundot- kulangot".*

**Kulturang materyal sa kasuotan ng Pangasinan**

Hindi naging madali ang pagkalap ng mga kasuotang maituturing na kulturang materyal ng mga katutubong Pangasinan. Kabilang sa kasuotang materyal ay ang *Sapëy* (Saya) ang pang-ibabang kasuotan ng mga kababaihan, *kamison* o ang panloob na kasuotan ng mga kababaihan, *patadyong* o ang pang-ibabang kasuotan ng mga kababaihan, *kimono* (Kimona) ang pantaas na kasuotan ng mga kababaihan, *pinapin* o ang panloob na kasuotan ng mga kababaihan na ginagamit pang-ibaba at ang *kulintas* (Kuwintas) na ginagamit na kuwintas ng mga kababaihan.

May pitong dahilan ang nabanggit habang isinasagawa ang panayam sa mga Pangasinensi, kung bakit sadyang napakahirap na mahanap ang mga kulturang materyal na kasuotan. Una; Wala na naitagong kasuotan at hindi na uso kaya hindi naipreserba. Ikalawa; ay ang paglipat nang pamilya sa ibang lugar, dahil sa trabaho at doon na nakapagpatayo at nanirahan, na siyang dahilan para maiwan na ang ilang mga gamit kasama na ang mgakasuotang ito. Ikatlo; *intermarriages* na nagaganap sa mga Pangasinensi sa iba pang pangkat etnikong kultural tulad ng pag- aasawa ng isang Pangasinensi ng iba pang pangkat etniko maliban sa tulad nilang Pangasinensi. Ikaapat; ay ang matagal na panahong ang mga ito ay hindi nagagamit at nasisira ang mga ito. O di kaya sa pag- aakalang wala nang halaga ang mga ito, kaya itinatapon na ang mga ito. Ikalima; ang pagkawala ng buhay ng isang tao ay ang pagkawala na rin ng kasuotan. Ikaanim; ay ang natural na pagkasira ng mga kasuotan dahil sa tagal na rin ng mga ito. Ikapito ay ang pagbebenta ng ilang nagmamay- ari sa mga kolektor ng alinman sa kagamitan at kasuotan sanhi ng malaking halaga nito na kanila ring pangangailangan. Sa pitong dahilan na ito nakakalungkot sapagkat nawala na iba't kasuotan subalit sa pamamagitan ng pagsasawika nababalikan ang mahahalagang kasuotan ng Pangasinensi. Ito ang mahalaga sapagkat maaari pa rin ilikha ang nawala ng kasuotan sa pamamgitan nag pagdodokumento na ito. Lumabas sa lamang sa pag-aaral na ang mga kulturang materyal ng mga Pangasinensi ay nananatili pa ring buhay hanggang sa kasalukuyan dahil palipat lipat na mga salita nito.

May mga kulturang materyal din silang ginagamit sa **pagluluto,** mga bagay na ginagamit sa hapag-kainan, mga kasuotang pambahay, pampista o panlabas at mga pagkaing karaniwan nilang ihinahain sa bahay, kapag may bisita o kaya naman kapag may okasyon. Ang mga kulturang materyal na ito, partikular na sa kanilang kagamitan,

kasuotan at pagkain ay ang mga bagay na nagpapaalala sa kanilang mga karanasan kasama ng kanilang mga mahal sa buhay. Kaya katotohanan ang ayon kay Villanueva (2017) na ang kultura ay sadyang napakahalaga sa mga taong naninirahan sa isang lipunan dahil ito ang magiging pagkakakilanlan ng bawat mamamayan na matagal nang naninirahan sa isang lugar. Magbago man ang panahon at umunlad man nang umunlad ang teknolohiya ay hindi nito mahahadlangan ang paggunita ng mga karanasan ng mga matatandang Pangasinensi mula sa mga materyal na kagamitang mayroon sa sila noon.

***Mga salaysay ukol sa paggamit ng mga kulturang materyal ng mga Pangasinensi***

Ang mga kuwento at karanasan ng mga Pangasinensi ay natuklasang umaayon sa mga nahalaw na kulturang materyal na kagamitan, pagkain, at kasuotan. Ang mga kulturang materyal ay naglalahad ng mga karanasan na ukol sa mga gawain sa bahay, kaugalian, gawi, pag-ibig at pangkasaysayang pagpapahalaga. Sa mga salaysay din natuklasan na may malaking kabuluhan ang mga kulturang materyal tulad ng *maayos na samahan ng pamilya, pagpapantay- pantay, pagkakasundo-sundo, disiplina, pagtupad sa magulang, katapatan, pagiging masinop, pag-ako sa responsibilidad, pagkukusa, pagpapahalaga at pakikibahagi sa mga gawain, pagiging matiyaga, pagiging maingat, respeto at pagiging independent.* Nauugat din ang mga ugalian, uri ng pamumuhay, gawi ng pagpapalaki ng mga magulang na nagsisilbing tagapagbuklod ng pamilya, paggalang, malugod na pagtanggap sa mga bisita, pagkalinga, pagmamahal, pagmamalasakit at higit sa lahat ang kalahagahang pangkasaysayan at kultural na nakabalot sa bawat kulturang materyal.

Mula sa awtentiko na kagamitan masusuri na mahalaga sa mga Pangasinensi na manatili ang kanilang kulturang materyal sapagkat malaki ang kinalaman nito sa kanilang pamumuhay at tradisyon. Isa itong magsisilbing pundasyon upang buhayin ang kulturang nagbubukload sa kanilang pagkatao tulad ng isang salaysay na karanasan, naibahagi ng isang tagatugon kanyang kuwento tungkol sa *kavan:*

> *"Naku tandang tanda ko pa, na ang lalagyan ng Inang ko (Lola) ng kanyang mga damit ay isang baul, ngayon ang baul, ginagawa nang center table o di kaya nagkakaroon ng innovation, nilalagyan ng tela o salamin para gumanda. Mahal ngayon ang baul kasi*

*itinuturing itong antique o lumang kagamitan"*

Ang baul ang tanging lalagyan na alam ng kanilang mga magulang na ligtas ang anumang bagay na dapat nilang maitago. Dito nakalagay ang mahahalagang bagay na kanilang iniingatan. Kaya malaki ang halaga ng baul sa kanila, dahil dito lamang maaaring maingatan ang mga bagay na dapat ay manatili sa pamilya. Tulad ng salapi o pera, karaniwang inilalagay ito sa mga baul. Ang mga titulo ng lupa ay nakalagay din dito. Kaya sinasabing napakahalaga ng baul para sa kanila.

Mayroong din mga kuwento ukol sa kapayakan o kasimplehan ng buhay ng pamilya sa paggamit ng iba pang kuturang materyal tulad ng *sayap malaking kawali o di kaya banga (palayok)kung saan dito nilululuto ang kanin, pangat (isang uri ng lutuin pagdating sa isda) sigang, dinengdeng at iba pang lutuing isda. at sa sayap naman nilululuto ang pindar na bangus o malaga at ginagamit kapag pangmaramihan.* Para sa mga katutubo, ito ay nakapagpapaalala sa payak ngunit masayang pamumuhay ng mag-anak. Bagamat lalo itong nakapagpapagunita ng alaala ng pagmamahal ng isang pamilya at ng kanilang kaisahan. Hindi man marangya ang buhay ngunit mahalaga nakasasapat para sa pamilya. Kaya anumang lutuing nakagawian mula sa mga kagamitang tulad ng sayap o banga ay nakapagpapaalala ng magandang pagsasama ng pamilya.

Ipinahihiwatig nito ang pagbibigayan ng bawat miyembro ng pamilya na anumang mayroon sa ganitong kagamitan ay nararapat na paghahati- hatian ng lahat na hindi nakalalamang ang sinuman. Ang sayap o di kaya banga samakatuwid ay tagapagpaalala ng mga karanasang payak man ang buhay ngunit ang mahalaga ay ang samahan at malasakit pagkasundo-sundo ng bawat miyembro ng pamilya anumang maihaing lutuin gamit ang mga ito.

May mga kuwento rin nakapagpapaalala sa mga karaniwang gawain at ugaliin ng mga magulang ng mga katutubong Pangasinensi tulad ng *Panangina'y silin gawa'd kiyew*. Ang kagamitang ito ay karaniwang gawa sa bao ng niyog na pinakinis upang maging lalagyan ng sili. May ilan namang gawa sa bato. Isa itong patunay na malikhain at maparaan ang mga Pangasinensi sa pagbuo ng mga kagamitang gawa sa mga bagay na makikita sa kanilang paligid.

Sa Kuwento ng ilang Pangasinensi:

*(Kinuha ang almires at ipinakita kung paano ito gamitin)*
*"Ito 'yung ginagamit namin na pandikdik ng sili. Ganito ito gamitin." (Hinawakan ang dulong bahagi ng kahoy na hitsurang pandikdik at sinapo ang ibabang bahagi ng bao. Pagkatapos ay mariin niyang pinipitpit nang paikot ang laman*

Batay sa mga kuwento at karanasang ibinahagi ng mga ito ay masasalamin ang kanilang pagpapahalaga hindi lamang sa kanilang kultura kundi pati na rin sa kani-kanilang pamilya. Isa sa mga nabanggit ng mga tagatugon ang pamilya na kanilang naaalala sa mga kulturang materyal na mayroon sila. Pinatutunayan lamang ng mananaliksik na kulturang materyal na may mga nakapaloob na kuwento at karanasan nababalikan mula sa mga ito at ang mga ito ay alaalang *nostalgic*—ibinabalik nito ang masasaya, masasakit, nakakatakot at kapana- panabik na bahagi ng buhay ng bawat isa. Inilalahad ng mga materyal na ito ang mga karanasang nakatatak na sa bawat kultura na maibabahagi sa mga susunod pang henerasyon.

Ang mga karanasan nilang ito na naaalala sa tuwing nakikita ang mga kagamitan, pagkain at kasuotan ay may kaugnayan sa kanilang mga magulang, pamilya, kabataan at ang nakalipas o nakaraan.

**Sa kabuuan, sa mga kulturang materyal ng mga Pangasinensi ay mababatid ang mga pagpapahalaga na tulad ng sumusunod**:

Sa mga kagamitan, napaalalahanan tayo ng *sayap, banga* na ang mga Pangasinensi ay may maayos na samahan ng pamilya, pagkapantay-pantay, walang lamangan at may pagkakasundo-sundo ang mga miyembro ng pamilya. Ang *kavan o lakasa* ay nagsilbing aparador ng mga sinaunang pangasinensi para itago at ilagay ang mga damit at mahahalagang bagay sa kanilang pamilya, Ito ay nagpahiwatig ng pagkakaroon ng disiplina, pagtupad sa utos, pagtupad sa magulang, at katapatan. Sa *aparador at biga-o* ay natutuhan natin na sila ay masinop at may pag- ako sa responsibilidad. Ang *almires at buyog* naman ay kinatutuhan natin ng pagiging malikhain at pagkukusa, sinusunod ang mga magulang, at may pagpapahalaga sa mga gawain. Ipinakikita naman ng *lasung at alo* ang kahalagahan ng pagiging matiyaga, mabuting pakikitungo, pakikibahagi sa mga gawain at pakikisa sa mga layunin ng pamilya. Samantala ang *panipit* ay nagpapaalala na maging maingat at magpatuloy lamang sa mga gawain makailang ulit man itong hindi magawa nang wasto. Sa *talagdanan at platsado* naman naipahiwatig ang katiyagaan

at hindi pagiging mareklamo ng mga Pangasinensi at nagpapaalala rin sa kabataan at sa mga naging gawi ng pagpapalaki ng mga magulang. Dito rin natutuhan kung paano irespeto ang mga magulang at ipagmalaki ang mga ito kahit na hindi karangyaan sa buhay. Ang materyal namang *pansukat na sira* ay naipakita na dapat pahalagahan ang mabuting pakikitungo sa mga magulang at mga kapatid. Higit dito ang natutuhang tapusin ang anumang gawaing iniaatas ng mga magulang. Sa *liken* inilahad ang kaisipan ng pagpapapagaan sa pagbubuhat at pagpapaginhawa ng gawain. Higit sa lahat sa *kapitera at perensa* nauugat ang mga ugaliin, uri ng pamumuhay, gawi at mga gawain at ng pagiging independent.

Samantala, sa mga kasuotan at pagkain, ipinakikita ng *kimono at sapey* ang paggalang sa mga kababaihan, pahiwatig na ang mga kababaihan ay may tiyak na kasuotan sa mga okasyon at sa pang- araw-araw na gawain. Sa pagkaing *bibingka at nilatikan* ay inihiwatig ang malugod na pagtanggap sa mga bisita, pagpapakita ng pagmamahal at katiyagaan ng mga magulang sa kanilang mga anak na nagsilbing hanapbuhay kahit mahirap lutuin at nangangailangan ng mahabang oras sa pagluluto.

Ang lahat ng ito ay mga karanasan o mga kuwentong nostalgic ng mga Pangasinensi mayaman sa kultura at karanasan na dapat matutuhan at mapahalagahan ng kasalukuyang henerasyon.

## CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Sa pangkahalatang ng pag- aaral, natuklasan na may ibat't ibang kulturang materyal ang nanatili at nag-uugnay sa mga katutubong Pangasinensi batay sa kagamitan, pagkain at kasuotan.

Sa mga kagamitan ay natukoy at nadokumentaryo ang Bànga, *sayap (malaking kawali), kavan o lakasa (Baul), biga- o (Bilao), panangina'y silin gawa'd kiyew (Lalagyan ng sili), almires (Bato o kahoy na pandikdik), buyog (Burnay), lasong (malaking bayuhan), alo (Pandikdik kasama ng bayuhan), silung (Pang- ipit), talagdanan (Tadtaran), platsado o ansagan (Platong malaki), aparador, pansukat na sira, pansukat sa niluto, platon de cubre (Plato), kapitera, perensa (Plantsa), liken, tepping at bigasan at piano (Piyano).* Sa mga pagkain naman ay nakilala ang pinidar na bangus o malaga *(pindang na bangus o malaga), pangat (Isang uri ng lutuin sa isda , nilatikan (Bibingka),bagoong, binuro (o burong isda), kaleskes at suman.* Higit sa lahat, naisadokumento rin at naisalaysay ang mga kuwento sa paggamit ng mga kasuotang tulad

ng *Sapëy (Saya), kamison, patadyong, kimono (Kimona), pinapin at kulintas (Kuwintas).*

Ang mga kuwento at karanasan ng mga Pangasinensi ay natuklasang umaayon sa mga nahalaw na kulturang materyal na kagamitan, pagkain, at kasuotan. Ang mga kulturang materyal ay naglalahad ng mga karanasan na ukol sa mga gawain sa bahay, kaugalian, gawi, pag- ibig at pangkasaysayang pagpapahalaga. Sa mga salaysay din natuklasan na may malaking kabuluhan ang mga kulturang materyal tulad ng maayos na samahan ng pamilya, pagpapantay- pantay, pagkakasundo-sundo, disiplina, pagtupad sa magulang, katapatan, pagiging masinop, pag-ako sa responsibilidad, pagkukusa, pagpapahalaga at pakikibahagi sa mga gawain, pagiging matiyaga, pagiging maingat, respeto at pagiging independent. Nakaugat din ang mga ugaliin, uri ng pamumuhay, gawi ng pagpapalaki ng mga magulang pagkabuklod buklod ng pamilya, paggalang, malugod na pagtanggap sa mga bisita, pagmamahal sa pamilya, pagkalinga, pagmamalasakit at higit sa lahat ang kalahagahang pangkasaysayan at kultural na nakabalot sa bawat kulturang materyal.

Kaya naman inirerekomenda ng pag-aaral ito na ang mga sumusunod;

**Para sa mga mag-aaral**. Mahalaga ang pagbibigay-halaga sa kulturang materyal na naiwan ng ating mga ninuno. Bagaman hindi na ito nahahawakan o aktibong nagagamit, ang pag-alala sa paraan ng paggamit nito ay nagsisilbing batayan ng pagpapahalaga at pagkilala sa kasaysayan at identidad ng isang lahi.

**Para sa mga guro**. Maaaring gamitin ang pag-aaral na ito bilang pedagohikal na batayan sa pagtuturo ng iba't ibang paksa, Sa ganitong paraan, maitatanim sa isipan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng kulturang materyal at maisulong ang muling paglikha o pag-unawa rito.

**Para sa paaralan**. Dapat bigyang-halaga ng mga institusyong pang-edukasyon ang mga naitalang kulturang materyal sa pamamagitan ng sistematikong dokumentasyon. Makakatulong ito upang mapanatili ang mga ito bilang bahagi ng lokal na kasaysayan at pagkakakilanlan ng komunidad.

**Para sa mga susunod na mananaliksik** Hinihikayat ang pagpapatuloy ng pag-aaral sa paksang ito upang higit pang mapalawak at mapalalim ang kaalaman sa mga kulturang materyal. Sa ganitong paraan, matutulungan ang mga susunod na henerasyon na mapreserba ang mga ito bilang mahalagang bahagi ng kasaysayan at kultura ng isang pangkat-etniko o pamayanan.

## REFERENCES

Alimbuyuguen, M. (2017). *Understanding culture, society and politics*. IPM Pub.

Claro, P.P. (2018). *History, culture and language*. Manila: Rex Book Store

Cortez, D. (2015). *Manipulasyon ng sosyodad sa nagbabagong panahon*. https://academia.com

Francisco, L. (2016). *Kabihasnang Filipino sa nagbabagong panahon.* https://academia .com/kabihasnan/Filipino

Gauuan, R. Mendoza, L., & Acerit, M. (2019). *Panitikan ng Pilipinas: teksto at sanayan.* SMU Pub.

Panopio, R. (2007) *Kasaysayan at kultura.* Manila: Rex Book Store

Rosela, L. (2014). *Pagkalimot sa mga tradisyong Pilipino*. https://prezi.com/pmh quiw 26afw/pakalimot-sa-mga-tradisyong-pilipino/.

Suyan, R. B. (2010). *Student– travelogue: content assessment.* http://academia .com

Villanueva, R. M. (2017). *Panukatang kultural.* http://academia.com /panukatangkultural2017

Zaide, N. & Zaide, T. (2014). *History, culture and society.* Amarante Publishing House